Republic of the Philippines
# Department of Education
Region X
SCHOOLS DIVISION OF TANGUB CITY

DepEd DIVISON OF TANGUB CITY
CITY OF TANGUB
RELEASED
DATE: 0 8 AUG 2023 1:40 PM

Agosto 4, 2023

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 241 s 2023

PAGDIRIWANG SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023

Sa mga: Kawaksing Tagapamanihala ng Sangay
Pinuno ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay sa Lahat ng Asignatura
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribado
Mga Guro sa Paaralang Elementarya at Sekundarya
Lahat ng mga Kawani
Sangay na ito

1. Alinsunod sa Memorandum **Panrehiyon Blg. 0419, s. 2023**, ang Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).
2. Ang tema sa pagdiriwang sa taong ito ay "" Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaaan, Siguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan."
3. Layunin ng Buwan ng Wika 2023 ang sumusunod:
   a. Ganap na maitupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.
4. May limang lingguhang tema at mungkahing mga gawain para sa bawat antas sa isang buwang pagdiriwang kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 036 s, 2023
5. Iminumungkahi na magsuot ang mga kawani ng bawat opisina ng Dibisyon ng Filipiniana inspired attire, Barong Tagalog o katutubong kasuotan tuwing Lunes sa buong buwan ng Agosto at magsagawa ng pampinid na programa bilang pagsasara nito.
6. Hinihikayat ang bawat paaralan na maipaskil ang opisyal na tarpauline ng Buwan ng Wika 2023.
7. Hinihiling ang malawakang pagpalaganap ng Memorandum na ito.

**SHAMBAEH A. ABANTAS-USMAN, CESE**
Kawaksing Tagapamanihala ng Sangay
Pansamantalang Tagapamalakad
Tanggapan ng Tagapamanihala ng Sangay

Kalakip: Gaya ng nakasaad
Kurikulum
CID/rpd

Address: Anecito Siete St. Mantic, Tangub City
Telephone: (088) 530 - 5988